**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 16, 261-280




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Unod festival: Sulyap-suri

Salgado, Christian Besca ✉
*Sorsogon State University, Philippines (christiansalgado143@gmail.com)*
Marbella, Felisa D.
*Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)*

**Received**: 6 October 2025 **Revised**: 30 October 2025 **Accepted**: 3 November 2025
**Available Online**: 5 November 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25302

***Abstract***

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang *Unod Festival* sa bayan ng Castilla, Sorsogon. Ginamit ang kuwalitatib-deskriptibong disenyo ng pananaliksik at semi-structured na talatanungan upang makapanayam ang mga impormanteng kinabibilangan ng Mayor, mga Konsihal, Pamunuan ng Turismo, Tagasanay ng Sayaw ng Unod, at mga magsasakang Castillanon. Maingat na sinuri at binigyang-interpretasyon ang mga nakalap na datos. Natuklasan ng mananaliksik na ang makulay na pagdiriwang ng *Unod Festival* ay nakaugat sa matibay na pananampalataya ng mga Castillanon sa kanilang patron na *Our Lady of the Holy Rosary*, na pinaniniwalaang nagbibigay ng masaganang ani sa mga ugat na pananim gaya ng kamoteng kahoy, kamote, ube, at bungkukan. Bahagi ng tradisyong ito ang "Tinagba," isang ritwal ng pag-aalay ng ani sa simbahan bago ito ipagbili, na kalauna'y ipinamahagi sa kabataan at ginagamit na tulong sa mga mag-aaral ng seminaryo. Ang sayaw ng *Unod Festival* ay may limang bahagi—*Paghahanap ng Taniman, Pagtatanim, Pagpapakita ng Pagpeste, Pagsamba o Paghingi ng Gabay sa Patron,* at *Masaganang Ani*—na sumasalamin sa kultura at pananampalataya ng mga mamamayan. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay makatutulong sa pagpapalakas ng turismo at pagtuturo ng panitikan sa nasabing bayan. Inirerekomenda na suportahan ng lokal na pamahalaan ang mga manunulat at programang pangkultura upang mapalaganap ang kamalayang kultural ng mga kabataang Castillanon at mapanatili ang kanilang mayamang tradisyon.

***Keywords:*** Unod festival, Castilla Sorsogon, pananampalataya, kultura, turismo

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Unod festival: Sulyap-suri

## 1. Introduksiyon

***Ang Festival, Natatanging Kaugalian -*** Ang isang festival ay isang espesyal na pagdiriwang na karaniwang isinasagawa sa isang tiyak na araw o panahon ng isang lugar. Ito ay may kinalaman sa mga kulturang tradisyon, relihiyon, kasaysayan o mga pagdiriwang ng isang komunidad o bansa. Ito ay isang pagkakataon para sa mga tao na magkolekta, magdiwang, at magbigay-pugay sa mga mahahalagang aspeto ng kanilang kultura at relihiyon. Ang mga ito ay nagbibigay buhay sa pamayanan at nagpapakita ng identidad ng komunidad, nagdudulot ng kaligayahan at pagkakaisa. Ang bansang Pilipinas ay hindi lamang kilala bilang Perlas ng Silangan dahil sa mga pambihirang magagandang tanawin at atraksyon nito bagkos ay kilala rin ito sa mayamang kulturang nakapaloob, tulad ng mga pista at mga festival na tiyak na inaabangan ng karamihan, di lamang ng mga Pilipino kundi pati na rin ang ibang lahi. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging masiyahin at maligaya dahil kapansin-pansin na kahit ang simpleng tagumpay ay lubos na ipinagdidiriwang sa pamamagitan ng salo-salo (Sabelleno, 2017).

Ang unang pista sa Pilipinas ay naganap noong panahon ng Kastila. Ang mga pista noon ay karaniwang tungkol sa relihiyon dahil sa impluwesang Kastila. Tatlo ang dahilan kung bakit naganap ang pista. Ang una ay bilang pagpapasalamat sa kanilang mga patron o santo dahil sa mabuting ani o mabuting nangyari sa bayan. Ang pangalawang dahilan ay bilang paraan upang ipakita ang sariling kultura o gawain nila tulad ng paggawa ng mga maskara o paglalagay ng pintura sa katawan. Ang huling dahilan ay mga anibersaryo ng mahalagang pangyayari sa kasaysayan tulad ng pagbangon ng lungsod o bayan. Ang lahat na ito ay nagpapakita ng debosyon ng mga Pilipino sa pagdiwang ng mga pista (Horendo, 2016). Festival ang nagsisilbing bulwagan na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan upang mailahad ang kanilang mas malawak na pagtingin sa mga isyung kultural, sosyal, at politkal (Crespi-Valbona at Richards, 2007). Binanggit din nila na ang mga piyesta ay nagiging sentro ng mga diskurso para sa preserbasyon ng mga tradisyonal at lokal na kultura kasabay ang pag-usbong ng modernisasyon at globalisasyon.

Maraming pagpapakahulugan ang maaaring ikabit sa salitang pagdiriwang o pagtitipon. Tumutukoy ito sa proseso ng pagsasakatuparan o pagsasagawa ng isang mahalagang pag-alala ng pagsilang, kamatayan, at ang kabayanihang inialay para sa bayan. Bahagi rin nito ang pagpaparangal sa tagumpay na natamo ng isang tao, ng isang pangkat, o ng isang bayan. Maaari namang tingnan bilang bahagi ng nakagawiang pagpapasalamat sa kinikilalang Diyos para sa masaganang ani at sa pagkakaroon ng makulay at mayamang kultura't kasaysayan. Sa ganitong bagay, tuwirang ipinakikita at ipinahahayag nito ang mga tinipong tagpo na maaaring sabihing ito ang nagpapakilala sa isang lugar o sa isang bayan. Kung lilibutin ang buong Pilipinas, masasaksihan ng sinumang magnanais na bumisita rito ang iba't ibang pagdiriwang o pagtitipon at ang naiibang paraan ng pagsasagawa ng mga ito sa pamamagitan ng mga inilatag na aktibidad. Ito ang tinatawag na Pistang Pilipino o ang sinasabing festibal na ipinahayag ng National Commission for Culture and the Arts. Ang mga Kapistahan ay maituturing na mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Ito ay nagiging daluyan upang maitampok ng isang pamayanan ang kanilang kultura, produkto, at ang kanilang mga paniniwala (Amtalao at Lartec, 2015). Malinaw ang ugnayan sa pagitan ng kapistahan at kultura ng isang pamayanan. Mahalagang pag-aralan ang mga pista sa pagdalumat ng kultura at integridad ng isang pamayanan upang higit pang maipakilala at maibahagi ang natatanging yaman na ito sa iba.

Ang salitang "festival" ay nagmula sa Latin na "festum" at kaugnay ng Pranses na "festivus". Sa gitnang panahon, ang mga ito ay karaniwang may kauganay sa relihiyon at maituturing na banal. (Levickaite, 2011). Sa kasalukuyan ito ay nagsilbing daan upang maipakita o maipakilala ang kultura na umiiral sa isang lugar. Ayon sa UNESCO (2001) itinuturing ang kultura bilang kabuuan ng natatanging espiritwal, materyal, intelektuwal at emosyonal na mga katangian ng lipunan o isang pangkat sa lipunan na kinakasama hindi lamang ang sining at panitikan, kundi pati narin ang pamumuhay at paraan ng pagsasamahan, sistema ng mga halaga ng tradisyon at

mga paniniwala ng bawat mamayan sa isang komunidad.

Samantala, sinasabi ni Getz (2010), “Festivals always have a theme, and they have potentially very diverse programs and styles, all in pursuit of fostering a specific kind of experience. Celebration embodies at once an intellectual, behavioural and emotional experience, with the emotional responses potentially leading to unexpected and undesired outcomes in both behavioural and political/attitudinal terms.” Ito ay nangangahulugan lamang ng pagpapakita ng malawak ng kultura ng isang bayan o komunidad. Marami nang naisagawang pag-aaral tungkol sa ugnayan ng festival, relihiyon, at kasaysayan ng ating bansa ngunit kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral na sumisentro sa festival bilang representasyon ng kultura at identidad ng isang pangkat. Ang bawat pangkat ay kumakatawan sa natatangi nitong kultura at paniniwala na siyang nag-uugnay ng kaugalian ng isang bayan at indibiduwal. Kalimitang nagkakaiba-iba man ang paniniwala ng bawat isa, ngunit nagkakaroon ng pagkakaisa dahil sa pagdiriwang sa kanilang lugar o komunidad.

Ayon naman kay Choi at el. (2021) ang pagdalo sa ganitong mga gawain ay nagpapawi ng stress, nagbibigay ng spiritwal na kakayahan at na-aalok ng positibong karanasan at kaalaman, estetika at kuryusidad. Sa pamamagitan nito maaaring malibang ang ating mga isipan sa mga bagay na iniisip sa pang araw-araw sapagkat nakakakita tayo ng iba’t ibang mga aktibidad na nagaganap. Karaniwang ikinakabit na kahulugan ng festival, partikular sa pagkakatala sa diksyonaryong Cambridge na sinasabing, “A special day or period, usually in memory of a religious event, with its own social activities, food, or ceremonies.” Gayundin, ang pagpapakahulugan naman ni Getz (2010), “Festivals are cultural celebrations and have always occupied a special place in societies. Their celebratory roles, and the many cultural and social implications of ritual and festivity, have long attracted the interest of sociologists and anthropologist.” Maituturing at tinatawag pa rin itong festibal sa anumang anyo o porma ng pagkakalatag ng mga ideya hinggil sa pokus ng pagdiriwang. Subalit nagkakaiba lamang ang mga ito sa aspektong tinitingnan na malaki ang kaibahan ng panrelihiyong festibidad sa usaping pangkultura. Sinasabing nakatuon ang panrelihiyong festibidad sa pista ng bayan na ang araw ng kapanganakan ng isang patron sa iyang lugar.

***Ang Kultura, isang uri ng Panitikan -*** Ayon kay Taylor (2007), ang kultura ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan. Sa iba ito ay kuro o opinyon ng buong lipunan na maaaring makita sa kanilang mga salita, aklat at mga sinulat, relihiyon, musika, pananamit, pagluluto, at iba pa. Kasama na rito ang iba’t ibang uri ng mga pagdiriwang, gaya ng mga paligsahan at mga pista taun-taon. Ang kultura bilang nagkasamang modelo ng pag- uugali ng tao kalakip ang kanyang kaisipan, pakikipagkomunikasyon, wika, nakagawian, paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian, ritwal, paraan ng paggalang at pakikisalamuha sa kapwa (Mangahis, 2010). Naniniwala naman si Rocher (2004), isang anthropologist, na ang kultura ay isang koneksyon ng mga ideya at damdamin na tinatanggap ng karamihan sa isang lipunan. Nais lamang nitong sabihin na ang isang gawain ay tinatawag na kultura kung ito ay katanggap-tanggap sa karamihan sa loob ng isang komunidad at lipunan. Bukod pa roon, ang kultura ay isa sa mga pinakamahirap buoin at ibahaging konsepto sapagkat kailangan at kaugnay nito lagi ang wika. Bawat tao ay may sariling kinagisnan at natutuhang wika. Ito ang ginagamit sa pang araw-araw na pamumuhay at pakikisalamuha sa kapwa. Sa pamamagitan ng wika ay naipapahayag niya ang kanyang kaisipan, damdamin, adhikain, pangarap, imahinasyon, pagpapasya at pag-iisip (Montera et al, 2012).

Ayon naman kay Semorlan (2010), hindi mapaghihiwalay ang wika, kultura at lipunan. Magkabuhol ang mga ito kaya’t malalaman kung anong kultura mayroon ang isang tao dahil sa wika na ginagamit nito. Sumasaklaw ang pag-aaral ng kultura sa kabuoang masalimuot na proseso na binubuo ng iba’t ibang elemento tulad ng karunungan, pananampalataya, sining, batas, ugali, kagandahang asal at iba pa na maaring matutunan at taglayin ng mga tao bilang kasapi sa isang lipunan, gayundin bilang sistema ng munisipalidad at barangay ayon sa layunin ng mga opisyal ng isang bayan. Samantala sa pista naman nakahanay ang mga gawaing nakaugnay sa panrelihiyon (Turin, 2021). Kaugnay nito binanggit sa teorya ni Cicero na mahalaga ang kultura bilang salalayan ng pagbuo at paglinang ng mga paniniwala, kakayahan, pag-uugali at kaalaman ng mga tao. Sa pamamagitan nito mas naipapalas ng tao ang kaniyang paniniwala sa kulturang sakop ng kaniyang pamayanan.

Ang Republic Act No. 10066, na kilala rin bilang "National Heritage Act of 2009," ay nilikha upang tulungan tayong maunawaan at mapanatili ang ating pagkakakilanlan bilang Pilipino. Nais nitong tiyakin na protektahan at pangalagaan ang ating kultural na pamana, tulad ng mahahalagang lugar at bagay, at ang kasaysayan ng ating mga katutubong komunidad. Kasama sa mahalagang probisyon ng batas na ito ang pagpapatupad ng Cultural Heritage Education Program na kung saan layunin nitong palawakin ang kaalaman at pag-unawa ng publiko tungkol sa kulturang Pilipino. Bukod pa rito, nagsasagawa ng Cultural Mapping na may layuning kilalanin ang mga kultural na yaman ng bawat rehiyon sa ating bansa upang magkaroon ng mas malinaw na pang-unawa sa kahalagahan at paggamit ng mga ito. Upang maisakatuparan ang batas na ito, sa pagtuturo ng K-12 Araling Panlipunan Kurikulum sakop at daloy nito ang pag-aaral ng mga tao at grupo, komunidad at lipunan, kung paano sila namuhay at namumuhay, ang kanilang ugnayan at interaksiyon sa kapaligiran at sa isat-isa, ang kanilang mga paniniwala at kultura, upang makabuo ng pagkakakilanlan bilang Pilipino, tao at miyembro ng lipunan at mundo.

Batay pa sa Artikulo 14 Blg. 16 ng Konstitusyon 1987, ang lahat ng kayamanang historical at kultural ng bansa ay dapat pangalagaan at ipalaganap sa pagpreserba at pagpapausbong ng panitikan ng isang bansa. Isinasaad din sa Presidential Decree no. 1505, dapat pangalagaan at ireserba ang mga makasaysayang historical at kultural sapagkat ito ay pagkakakilanlan ng isang bayan o bansa na magiging tulay sa paglago ng turismo. Ibig sabihin nito na dapat nating pangalagaan at pahalagahan ang mga kultura at identidad ng ating lugar na magbibigay daan upang ang mga turista ay patuloy na pumunta at bumisita sa ating bansa. Tunay nga na ang mga batas na ito ay sinusunod sa ating bansa. Ang Rehiyong Bikol ay isa sa mga rehiyon na patuloy na nagpapahalaga sa pagkakakilanlan nito. At dahil dito, isa ang rehiyong ito sa mga binabalik-balikan ng mga turista sa ating bansa. Hitik sa magagandang tanawin ang mga lugar sa rehiyong ito na mayroong ibat-ibang istorya kung ano ang mga pinagmulan nito na siyang nagsisilbing pagkakakilanlan nito. Mayaman sa akdang lokal ang mga rehiyong ito, sapagkat ayon kay Ramos (2014) mababasa ang mga ito sa dula, tigsik, rawit-dawit, mga awiting bikol, istorya at iba pang anyo ng panitikan. Ang mga ito ay mababasa natin sa mga pahina ng bawat akdang isinaaklat. Ang iba nama'y makikita natin sa mga pagtatanghal sa mga pagdiriwang na pinagyayaman ng bawat lalawigan sa rehiyong ito.

Ang taglay na kultura at tradisyon ng bawat bansa sa mundo ay pinangungunahan ng ilan sa pandaigdigang organisasyon. Tulad na lamang ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) convention for safeguarding of the intangible Cultural Heritage (2023) na nagbibigay diin sa pagsisiskap na protektahan, pangalagaan at ipalaganap ang mga intangible cultural heritage ng iba't ibang bansa simula pa noong taong 2003. Gayuindin ang United Nations Declaration of the Rights of Indigenous People (UNDRIP) (2007) na nagtataguyod ng mga prinsipyo at nagtatakda ng karapatang ng mga katutubong mamamayan kabilang ang Karapatan ng kani-kanilang kultura at tradisyon. Mahalaga ang organisasyong ito sa pagsusulong ng mga program ana iipon at magsasatitik ng mga tradisyon at kultura ng isang bansa. Ang Artikulo XVI, Seksiyon 15 at 18 sa Saligang Batas ng Pilipinas, sa ilalim ng mga Sining at Kultura, dapat na tangkilikin ng Estado ang mga sining ng Panitikan; Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang mga pamanang historikal at ang mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa (Sek 15) at; Dapat pasiglahin at tangkilikin ng estado ang mga mananaliksik at mga pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura (Sek. 18). Patunay ito na kailangang pangalagaan at panatilihin ang mga pamanang historikal at kultural, tulad ng panitikan, sapagkat ito'y itinuturing na kayamanan ng bansa. Kailangan din ang pagsasagawa ng mga pag-aaral at pananaliksik tungkol sa panitikan sapagkat magiging daan ito ng pagsasatitik at preserbasyon ng mga tradisyon at kultura.

***Kaugnayan ng Kultura, Wika at Panitikan -*** Ang Panitikan ay napakahalaga sa buhay ng isang tao, dito nasasalamin ang kasaysayan tradisyon, at higit sa lahat mithiin ng isang bansa. Ito'y salamin ng kultura ng isang lipunan sa panitikan. Sa pamamagitan ng panitikan ito ay isang epektibong paraan ng pagpapahayag ng tunay na kaisipan at damdamin ng tao, sa pamamagitan ng likas na nasa kalooban na kinabibilangan ng iba't ibang uri ng pag-ibig at pagkamuhi, kalungkutan at kasiyahan, tagumpay at kasawian, kagandahan at kasiraan, gayundin ang pagkakaisa at pagkawasak ng kahit sa anong antas ng lipunan, mula sa pamilya hanggang sa pamahalaan. Ito ay nagpapakita ng ating panlipunan at panlahing pagkakakilanlan. Ang ating kaugalian ay mababakas sa ating mga kuwentong bayan, alamat, epiko, kantahing-bayan, kasabihan, bugtong, palaisipan at sinaunang dula (Villafuerte et al., 2000). Kaya't upang makilala ang ibang pangkat na bumubuo sa bansa, nararapat lamang na alamin, pag-

aralan at pahalagahan ang ating panitikan.

Ang panitikan ay isang bukas na talaarawan ng mga mamamayan. Sa talaarawang ito, mababasa ang panahon ng kasaysayan ng kultura ng isang pangkat. Makikita at makikilala mula rito ang tradisyon, kaugalian, paraan ng pamumuhay, paniniwala, at lahat ng tungkol sa isang grupo ng mga mamamayan. Sinabi ni Gonzales na hindi maaaring ihiwalay ang panitikan ng bayan sa kanyang kasaysayan, sa kanyang kultura at kabihasnan. Ito'y larawan ng buhay, kahapon, ngayon at ng bukas. Lahat ng naganap na mga pangyayari sa baya'y nasasalamin sa panitikan. Idinagdag pa ni Gonzales (1978) na itinatampok sa panitikan ang mga karanasan at kalagayan ng lipunan o pulutong ng mga taong naghahari sa kinauukulang panahon. Naniniwala naman si Santiago (1989) na matalik na magkaugnay ang panitikan at kasaysayan. Sa pagtalakay sa kasaysayan ang pinagdaanang mithiin at pakikipagtunggali para sa tribu o bayan. Dito ipinamalas lamang na kalian ma'y di mapaghihiwalay ang panitikan sa kasaysayan, sapamamagitan nito nagkakaroon ng buhay ang isang nakaraan upang magsilbing paala-ala sa kasalukuyan. Ganoon din ang panitikan. Ito ang nagsisilbing tulay tungo sa pag-unawa sa kultura ng isang nilalang na kabilang sa isang pangkat. Sa panitikan din masasalamin ang dalawang uri ng kulturang ito—ang materyal at di materyal na kultura. Maaaninag sa ating panitikan ang lalim ng ating kultura at ang malikhaing katalinuhan ng ating lahi (Buensuceso et al, 1997).

Ayon kay Padre Chirino mula sa Buensuceso et al. (1997), ang ating mga ninuno ay nagkaroon ng mga samahang nagbubuklod-buklod sa kanila. Ang kanilang mga epiko, bugtong, at mga sawikain ay nagpasalin-salin sa sunod-sunod na henerasyon. Ang kanilang mga gawaing pampanitikan ay nauugnay sa kanilang pananampalataya at ritwal noong kanilang panahon. Katunayan sa panitikan mahuhugot ang karanasan, gawain at paniniwala ng mga tao. Sa panitikan, pasulat man o pasalita ay siyang magpapakita at magpapapakilala sa mga taong kabilang sa isang partikular na pangkat.

***Panitikan ng Lalawigan ng Sorsogon -*** Ang Sorsogon ay isang lalawigan na matatagpuan sa rehiyong Bicol sa Luzon. Ang lalawigang ito ay mayaman sa panitikan. Patunay na lamang dito ang mga alamat, rawit-dawit, istorya, awiting-bayan na matatagpuan sa aklat na "Tracing Solsogon to Sorsogon. Isa itong aklat na kung saan mababasa ang mga akdang pampanitikan na gawa ng mga Sorsoganon. Matatagpuan din sa aklat na ito ang ibat-ibang istorya ng mga bayan sa Sorsogon, ang kanilang mga itinatagong pinagmulan o kasaysayan. Liban pa, nakasulat sa aklat na ito ang mga istorya ng mga lugar sa ibat-ibang bayan ng Sorsogon na mayroong mga lugar na ipinagmamalaki at patuloy na dinarayo dahil ito'y bahagi na ng kasaysayan ng lalawigang ito. Marahil napapanahon na upang bigyang pansin ang iba pang mga akda na nanggagaling sa iba pang bayan ng Sorsogon, ang mga istorya na matagal nang nakatago na kailangan nang ilantad at makilala upang hindi na ito nakatago sa mga isipan ng mga matatandang nakatira sa mga bayang ito. Ang panitikan ng Sorsogon ay patuloy na lalago kung patuloy na madaragdagan ang mga akdang isinaaklat. Binigyang diin ni Rubin (2001), kung mahalaga ang pag-aaral ng panitikan ng ibang bansa, higit na mahalaga ang pag-aaral ng panitikan ng sariling bansa, sariling rehiyon at sariling lugar. Sa pamamagitan ng panitikan ay maaaring maikintal sa isipan ng mga susunod pang henerasyon ang impluwensiya ng kanilang mga ninuno na makakatulong upang patuloy na malinang ang kagandahang-asal na kinasasalaminan ng mga tradisyon, paniniwala at kaugaliang patuloy na dapat panatilihin at pangalagaan.

***Ang Castilla, Isang Pagkilala -*** Ang bayan ng Castilla ay kilala sa mga pananim ng yamang ugat o unod kagaya ng mga taro, beriran, kamoteng kahoy, kamote at ube. Dahil sa kanilang matibay na paniniwala sa kanilang patron ang "Our lady of the Holy Rosary" nabibiyaan sila ng masaganang ani sa mga pananim na ito. Sa pamamagitan rin ng paniniwalang ito nabuo ang Unod Festival na kanilang ipinagdiriwang tuwing buwan ng Oktobre 1 hanggang 7 na nagpapakita ng kanilang matibay na paniniwala at kultura bilang castillanon. Ang Castilla ay isa sa mga baybaying bayan sa probinsiya ng Sorsogon sa rehiyon ng Bikol sa Pilipinas. Ito ay matatagpuan sa hilagang nahagi ng Manito, Albay, timog ng Sorsogon Bay, Kanluran ng Pilar, Sorsogon at Silangan ng Sorsogon City. Ito ay may kabuoang lawak na 186.20 squre kilometers o 71.89 square miles at binubuo ng 34 barangay na kinabibilangan ng Amomonting, Bagalayag, Bagong Sirang, Bonga, Buenavista, Burabod, Caburacan, Canjela, Cogon, Cumadcad, Dancalan, Dinapa, La Union, Libtong, Loreto, Macalaya, Maracabac, Mayon, Maypangi, Milagrosa, Miluya, Monte Carmelo, Oras, Pandan, Poblacion, Quirapi, Saclayan, Salvacion, San Isidro, San Rafael,

San Roque, San Vicente, Sogoy at Tomalaytay. Ang pangunahing wika ng mga tagarito ay Bikol- sentral, Sorsoganon, at Tagalog.

Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito magiging laking tulong ito sa Turismo ng Bayan ng Castilla upang mas makilala pa ang natatanging bayan sa kanilang kultura, paniniwala. Magiging malaking tulong rin ito sa ekonomiya ng nasabing bayan dahil sa pamamagitan nito mas darami pa ang mga turismo na magnanais tungo sa naturang lugar upang saksihan ang natatanging kultura ng Unod Festival. Bahagamat ang mga pananaliksik ay buhat sa iba't ibang akda ay naging isang mahalagang sanggnian ito sa kasalukuyang pag-aaral, nagbibigay ng mahahalagang datos, konsepto, at pananaw na nagpapalawak sa pag-unawa sa paksang pinag-aaralan. Sa pamamagitan nito mas mabibigyang linaw ng mananaliksik ang paksang tinatalakay patungkol sa Unod Festival maging sa kung anong kultura ang mga nakapaloob rito.

Magiging malaking tulong rin ito sa pagtuturo panitikan sa asignaturang Filipino dahil sa kaugnay nitong kultura. Mas magiging madali sa mga guro ang pagbibigay halimbawa at paglalarawan ng kanilang aralin kung sariling kultura ang kanilang gagamitin sa kanilang pagtuturo, mas nagiging makabuluhan ang nasabing halimbawa sa mga mag-aaral kung nararanasan nila mismo ang nasabing tradisyon at paniniwala. Ito ay magiging laking ambag rin sa Turismo ng Castilla dahil mas makikilala pa ang kanilang natatanging kultura at kaugalian na sumasalamin sa kanilang kaugalian. At ang huli ay ang mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa mga susunod pang mananaliksik na nakatuon sap ag-aaral ng mga festival at iba pang katutubong panitikan na may roon ang isang lugar. Ang natuklasan ng pag-aaral na ito ay maaaring karagdagang literature para sa kanilang binubuong pananaliksik. Tiniyak ng pag-aaral na ito na masuri ang kulturang nakapaloob sa unod festival sa bayan ng Castilla. Saklaw ng pananaliksik na ito ang mga kaugalian, kultura, at tradisyon na nakapaloob sa nasabing festival ng naturang bayan.

***Layunin ng pag-aaral -*** Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang Unod Festival Bayan ng Castilla. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod: 1.) komprehensibong pagtalakay sa Unod Festival, 2.) maanalisa ang implekasyon ng unod festival sa komunidad, 3.) matukoy ang kontribusyong hatid ng unod festival at 4.) Makabuo ng isang materyal na magagamit sa pagpapakilala ng Unod Festival.

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ay naglalayong komprehensibong matalakay ang Unod Festival sa bayan ng Castilla, Sorsogon. Gagamitin sa pag-aaral na ito ang deskriptib-kwalitatib na disenyo ng pananaliksik upang malaman ang iba't ibang kultura, kaugalian at paniniwala na nakapaloob sa nasabing festival ng naturang bayan. Ang deskriptib-kwalitatib na pamamaraan ng pananaliksik na gagamitin ay naglalayong ilarawan ang natatanging kulturang nakapaloob sa Unod Festival sa bayan ng Castilla. Ang deskriptib-kuwalitatib na disenyo ng pag-aaral na gagamitin ng mananaliksik, ang deskriptibong disenyo ay maaaring gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik upang siyasatin ang isa o higit pang mga varyabol. Nakapokus ang naturang disenyo ng pananaliksik tukuyin ang sistematikong pamamaraan na naglalayong ilarawan, maunawaan, at bigyang-kahulugan o linaw ang mga katanungan o suliranin ng kasalukuyang pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag- aaral na ito ay binubuo ng 26 na mga kalahok. Ang mga kalahok na ito ay mula sa lokal na pamahalaan, mga tagapag-sanay ng sayaw ng Unod Festival, namumuno sa turismo ng bayan ng Castilla, at ilang mga kalahok sa Unod Festival. Gamit ang interbyu skedyul sa pag-alam ng mga kaugalian, paniniwala at historya na natatanging ambag ng unod festival. Maliban rito ginamit rin ng mananaliksik sa pakikipanayam ang rekorder at mga patnubay na tanong upang makuha ang tamang datos at impormasyon.

***Pinagkunan ng mga Datos -*** Ang pinagkunan ng mga datos sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga manggagawa sa lokal na pamahalaan ng Castilla, katulad ng Alkalde, Pangalawang Alkalde, mga namamahala sa turismo sa naturang bayan, mga tapagturo o tagapagsanay ng Unod Festival at ang mga kalahok dito. Purposive sampling ang gagamitin ng mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral. Ito ay isang uri ng non-probability sampling na pinakaepektibo kapag kailangang pag-ara lan ang isang tiyak na domain ng kultura na

nakapaloob sa isang pag-aaral (Tengco, 2007).

***Etika ng Pananaliksik -*** Tinitiyak ng mananaliksik na sa pag- aaral na ito ang pagiging anonymity ng mga impormante na lalahok sa pag-aaral na ito. Sinimulan sa pag-gagawa ng liham pahintulot ang mananaliksik sa alkalde ng bayan ng Castilla, Sorsogon upang ipagpaalam ang gagawing pakikipagpanayam sa mga posibleng impormate sa pag-aaral na ito. Titiyakin ng mananaliksik na ang mga impormante ay boluntaryong sasagot sa mga tanong ng pakikipanayam na gagawin ng mananaliksik na nakatuon lamang sa Unod Festival sa bayan ng Castilla. Saklaw ng pag-aaral na ito ang isinasaad ng Data Privacy Act (Republic Act No. 10173) o batas na naglalayong protektahan ang mga indibidwal mula sa hindi awtorisadong pag-acces, paggamit, at pagproseso ng kanilang personal na impormasyon.

***Instrumento ng Pag-aaral -*** Ang pag- aaral na ito ay may pangunahing layunin na masuri ang pinagmulan ng Unod Festival, nais matukoy nito ang kontribusyon hatid sa turismo, ekonomiya at panitikan sa bayan ng Castilla, Sorsogon. Upang matugunan ang obhektibong ito, ang mananaliksik ay nakabuo ng mga katanungang nagamit sa interbyo upang makapangalap ng impormasyon sa ginawang pag-aaral. Ang interbyu ay naglalaman ng mga tanong patungkol sa kulturang nakapaloob sa Unod Festival at kung ano ang kontribusyon nito turismo, ekonomiya at panitikan. Semi- structured na talatanungan ang gagamitin ng mananaliksik upang malayang makapagkuwento at makapagbigay ng impormasyon ang mga impormante ng pag-aaral na ito. Irerekord ng mananaliksik ang gagawing pakikipagpanayam upang makuha ang sapat na mga datos na kinakailangan ngunit may sapat na pahintulot ng mga impormante.

***Pangangalap ng mga Datos -*** Ang mga sumusunod ay ang pamamaraang ginawa ng mananaliksik sa pagkuha ng mga datos: una, ang mananaliksik ay naghanda ng interbyo guide para sa gagawing pakikipagpanayam. Pangalawa, gumawa ng isang liham ang mananaliksik na lalagdaan ng tagapayo at dekano. Ito ay magsisilbing pahintulot sa isasagawang pangangalap ng datos. Pangatlo, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa lokal na pamahalaan ng Castilla upang humingi ng pahintulot na magkaroon ng pakikipanayam sa kanila maging sa mga namumuno ng turismo sa naturang bayan. Matapos nito ay nagkaroon narin ng pakikipagpanayam ang mananaliksik sa mga tagapagsanay ng Unod Festival ayon narin sa referral ng namumuno sa turismo ng naturang bayan. Ang mananaliksik ay nagkaroon rin ng pakikipanayam pari at mga kinatawan ng simbahan na siyang kaugnay sa matibay na paniniwala at kaugalian ng unod festival. Matapos nito ang mga datos na nalikom sa pananaliksik na ito ay sinuri, inanalisa at ginawan ng malalim na interpretasyon. Sinimulan ang pangangalap ng datos noong Marso 10, at nagtapos noon Abril 5, 2025.

***Pagsusuri ng Datos -*** Ang mga datos na makakalap galing sa mga impormante ay isasailalim ng mananaliksik sa iba't-ibang istadistika upang masuri at mabigyan ng nararapat na interpretasyon. Gagamitin ng mananaliksik ang tematik- analisis. Ito ay dumaan sa transkripasyon ng mga datos, open coding, pag- iisa-isa ng mga tema at kategorya, interpretasyon at pagsusuri ng kinalabasan, pagsusuri ng baliditasyon, pagsasaling wika at pagpapalawak ng pagsusuri, pagsulat ng pagsusuri upang matukoy kung ano ang Unod Festival at kung ano ang kontribusyon nito sa historikal, kultural upang mas maipakilala ang natatanging festival. Sa pagtukoy ng mga masasalaming elemento ng pinagmulan, kultura at paniniwala mula sa pag-aaral ng festival na ito ang mananaliksik ay hinayaan na magkaroon ng malayang pagkukuwento ang mga kinapayam upang mas maging bukas ang ginawang pag-uusap na siyang magiging daan upang masagot ang mga katanungan na may kaugnayan sa ginagawang pag-aaral.

## 3. Natuklasan

### *3.1 Komprehensibong Pagtalakay sa Unod Festival*

#### ***a. Ang Unod Festival sa Progresibong Castilla***

Ang Castilla ay isa sa mga Munisipalidad sa Lalawigan ng Sorsogon na kalimitang nakakakuha ng mataas na pagkilala dahil sa sarili at natatangi nitong Festival na nagpapakita ng iba't ibang natatanging kultura upang

maipakita ang mabuting lokalidad nito. Ang "Unod Festival" o ang Pista ng Unod ay ipinagdiriwang tuwing Oktobre 1 hanggang 7, ang isang linggong pagdiriwang na ito ay tumutungkol sa papasalamat sa mahal na patron ng bayan at masaganang ani sa mayamang agrikultura ng Munisipalidad. Sa kabilang banda, ito rin ay pagkakataon para sa mga lokal na magsasaka na ipakita ang kanilang mga natatanging produkto na kadalasay mga pananim na ugat, isang pagpapakahulugan sa salitang "unod".

> *"An banwaan kan Castilla biniyayaan nin mayaman na dagang agrikultura na nagkakaigwa ki masaganang ani kung sain naghahale ang lehitimong pagkabuhay kan ng Castillanon. Dahil sa mayaman na dagang agrikultura, an mga Castillano nag-aasa sa paroy, niyog asin UNOD asin mga produckto hale sa kadagatan."*
>
> (Ang bayan ng Castilla ay biniyayaan ng masaganang kalupaan para sa agrikultura na pinanghahalingan ng ikinabubuhay ng mga Castillano. Dahil sa mayaman na lupang pang-agrikultura ang mga mamayan rito ay umaasa sa panamim na palay, niyog at yamang ugat na mga produkto.) Kalahok 1

Ayon sa tugon ng kalahok ang Bayan ng Castilla ay biniyayaan ng yaman sa matabang lupa na maaaring pagtamnan pang-agrikultura tulad ng mga niyog, palay at mga unod na produkto tulad ng kamoteng kahoy, kamote, linsa, ube at maribarang. Na kung saan ito narin ang nagiging pangunahing hanap buhay ng mga Castillano. Ang mga produktong ito ay maituturing na mga ari-arian o kayamanan ng munisipalidad sapagkat ang mga yamang ugat na ito ay maaaring ma-import sa iba pang mga lugar.

Ang "Unod Festival" o ang Pista ng Unod ito ay ipinagdiriwang tuwing Oktobre 1 hanggang 7, Ang festival na ito ay nagsimulang ipinagdiriwag nong Octobre 1-7, 2008. ang isang linggong pagdiriwang na ay tumutungkol sa pagpapasalamat sa masaganang ani sa mayamang agrikultura ng Munisipalidad. Ang unang pagdiriwang ay pinasimulan at pinangunahan ng butihing Mayor na si Olivia M. Bermillo taong 2008, sa bisa ng ordinance No. 08-012 na isinulat ni Hon. Bienvenido M. Marantal. Ang unang pagdiriwang ng festival na ito ay naging magarbo dahil nais ipakita ng lokal na pamahalaan na kayang makipagsabayan ang unod festival sa iba pang mga festival sa kalapit na mga lalawigan. Tinatayang 5 milyong pisong halaga ang ginugol sa para sa pagdiriwang na ito. Taong 2010 sa pamumuno ni Mayor Bermillo unang nasungkit ang unang gantimpala o kampiyonato ng naturang festival sa Kasanggayagan Festival na idinaos sa lalawigan ng Sorsogon.

Makalipas ang mga taon ng pamumuno ng butihing Mayor Bermillo, taong 2017 sa pamumuno ni Mayor Joan Elizabet M. Lorenzano-Aquende nagkaroon ng isang malaking pagbabago sa bisa ng Ordinace No. 08-2017 na isinulat ni Hon. Elmer Mirandilla, Sangguniang Bayan Member ang pagdiriwang ng Unod Festival tuwing Oktobre 1-7 ay inilipat sa buwan ng Disyember 5-15. Ang dahilan raw ng paglilipat nito ay dahil sa tuwing buwan ng Disyembre ay nagsisiuwian ang mga castillano mula sa iba't ibang lugar dulot ng pagtatrabaho. Bukod pa rito, sinasabing dahilan ng paglilipat ng buwan at petsa ay ang pagkukunsidera ng pinansyal na aspeto ng mga mamayan sa bayan, dahil tuwing buwan raw ng disyembre dito nagkakaraon ng pagbibigayan ng mga bonus at iba pa na may kaugnayan sa pinansyal. Dagdag pa, isa rin sa kinunsidira ni Hon. Miradilla ay ang pagsasama-sama ng buong pamilya tuwing buwan ng Disyembre nais samantalahin ang pagkakataon ito upang makapaglibang ang bawat pamilyang castillanon mula sa iba't ibang aktibidad na hatid ng unod festival at upang makapagbigay puri narin sa Puong Maykapal.

Taong 2019, sa pamumuno ni Mayor Isagani B. Mendoza ang pagdiriwang ng pista ay ibinalik muli sa dati nitong buwan at petsa, tuwing Oktobre 1-7. Sa bisa ng Resolution Blg. 064-2019 na isinulat ni Hon. Erick M. Navas, sinasabing ang pagbabalik nito sa dating petsa ay dahil sa ito mismo ang araw ng kaarawan ng patron sa nasabing bayan kaya nararapat lamang na sa pagkakataong ito ipagdiwang, maliban rito kinunsidira rin ang nasabing buwan ng disyembre ay tag-ulan na, kaya walang maayos na naaani na mga pananim na ugat ang mga magsasakang castillano dahil sa kadalasan ito ay nasisisra mula sa pagkakababad nito sa tubig. Kaya nagdulot ito sa mga naging basihan na ibalik na lamang sa dating buwan ang nasabing pagdiriwang. Kaya hanggang sa pangkasalukuyan ang Unod Festival ay ginaganap tuwing Oktobre 1-7 bilang pagbibigay puri at pasasalamat ng

mga Castillano sa kanilang Patron ang Our Lady of the Most Holy Rosary.

***b. Matibay na Paniniwala: Ang Pinagmulan***

Ang mga festival ay kaganapang nakabatay sa komunidad, na tinatawag ring lokal na kaganapan, ay nagmula sa isang partikular na siktor ng komunidad na may pangangailangan o pagnanais na ipagdiwang ang isang bahagi ng kanilang buhay o kakayahan (Dimmok & Tiyce, 2000). Bukod rito, ayon kay Devies (2017) isa sa mga unang festival ay ang mga kaganapanang kaugnay sa mga pana-panahong okasyon, tulad ng pagsasaka at pag-aani. Ang ganitong uri ng pagdiriwang ay itinuturing ding mga unang festival

> *"Ang Unod Festival ay namundag por dahil sa Patron kang Cumadcad an Our Lady of the Most Holy Rosary. Iyo ini ang patron kang samuyang bayan. Ta dahil saiya nagkaigwa kami ki pagsirebral."*
>
> (Ang Unod Festival ay nalikha dahil sa Patron ng Cumadcad ang Our Lady of the Most Holy Rosary. Ito ang Patron ng aming bayan. Kaya dahil sa kaniya mayroon kaming pagdiriwang) -Kalahok 5

Ayon sa tugon ng kalahok ang Unod Festival ay nalikha dahil sa matibay na paniniwala ng mga Castillano sa kanilang Patron ang Our Lady of the Most Holy Rosary. Ang patron ay nagmula sa isang barangay ng bayan ng Castilla ang Barangay Cumadcad ang patrikular na kinalalagakan nito noon ay ang Sitio Binarayuhan na sa kasalukuyan ay ang Purok Jasmine sa nasabing Barangay. Ang Our Lady of the Most Holy Rosary ay nagmula lamamng ma maliit na sityo ng Cumadcad na kadalasay dinarayo raw noon ng mga diboto sa milagrong pagpapagaling nito sa mga namamanata sa kanya. Maliban rito ayon narin sa mga paniniwala ng mga castillano hindi lang raw ito nagpapagaling bagkos isa rin ito sa mga patron na nagpapahalaga sa ani ng mga magsasaka dahil tuwing namamana raw sila rito nagkakaroon sila ng masaganang ani mula sa kanilang mga pananim. Kaya naman magpasahanggang ngayon ito narin ang naging patron ng unod festival na pinaniniwalaan na milagruso.

Sa pagdiriwang na ito ipinapakita o ipinaparada ang ang iba't ibang unod na produkto ng bawat barangay ng Munisipalidad upang ipakita ang mga nalinang na yaman ng lupain sa Bayan ng Castilla at hikayatin ang mga tao na unahin ang agrikultura. Sa pagkakataon ring ito pinipili ng mga magsasaka ang pinakamainam nilang unod na ani upang ialay sa mga pari para sa parokya at tinatawag itong "*Tinagba"*.

> *"Dahil sa dakulang tabang kan produktong kaunodan, naging tradisyon na kang nga Castillano an magkaigwa ki ritwal, inaapod na TINAGBA para makahagad ki tabang sa Mahal na Ina asin mabasbasan an mga produkto para magkaigwa ki marhay na ani asin asin pasasalamat."*
>
> (Dahil sa malaking tulong ng mga produktong ugat, naging tradisyon na ng mga Castillano na magkaroon ng ritwal na paniniwala ang tinatawag na "TINAGBA" para makahingi ng tulong at mabasbasan ang mga produkto upang magkaroon ng masaganang ani, At paraan narin ito ng aming pasasalamat.) -Kalahok 5

Dahil sa matibay pininiwala ng mga Castillano sa kanilang mahal na patron ang Our Lady of the Most Holy Rosary ay nagkaroon sila ng pag-aalay na tinatawag nilang "*TINAGBA"* pamamagitan nito umaasa sila na mas bibiyayaan pa sila ng mahal na patron masaganang ani sa kanilang mga pananim. Ang *"tinagba"* ay ginagawa ng mga magsasakang castillano dahil sa kanilang mabisang paniniwala. Ito raw ang kanila ng kinagisnan simula pa ng unang ipagdiriwang ang unod festival sa kanilang bayan, ito raw ang kanilang pamamaraan upang magbalik tanaw sa lahat ng biyayang ipinagkaloob sa kanila ng mahal na patron na nagsisilbi nilang gabay sa bawat pagtatanim.


Samantalang ang *TINAGBA* naman na pinagkakaloob sa simbahan na tinatangap ng mga paring nakaluklok sa parokya ay kanilang itinutulong sa mga seminaryo at iba pang mga aktibidad na may kaugnayan ang simbahan kagaya ng mga feeding program sa mga kabataan, prosesyon at iba pa na kadalasay nagiging pamatid gutom nila

matapos ang mga aktibidad. Sa kabilang banda, ang iba pang mga produkto ay ibinibenta sa mga mamimili sa mababang halaga upang magbigay tulong sa mga masisipag na magsasaka sa nasabing bayan.

***c. Unod Festival: Masayang Pagdiriwang***

Ang mga kultura ng festival ay nagtatampok ng mga autentikong kasuotan at lokal na mga produkto, na ipinamamahagi batay sa tema at katangian. Ito ay nagbibigay diin sa yaman ng lokal na kultura at sumusuporta sa mga lokal na negosyo. (Tanfrod & Jung 2017). Samantala sa pista naman nakahanay ang mga gawaing nakaugnay sa panrelihiyon (Turin, 2021). Kaugnay nito binanggit sa teorya ni Cicero na mahalaga ang kultura bilang salalayan ng pagbuo at paglinang ng mga paniniwala, kakayahan, pag-uugali at kaalaman ng mga tao. Sa pamamagitan nito mas naipapalas ng tao ang kaniyang paniniwala sa kulturang sakop ng kaniyang pamayanan.

Ang isang pista na napagpapakulay sa kultura ng mga Castillanon ay may mahalagang papel para sa mga mamamayan nito. Sa pangkasalukuyan ang Unod Festival ay ipinagdiriwang ng may iba't ibang masasayang aktibidad tulad ng Agro Trade Fair, ito ay isinasagawa sa pagbubukas ng pagbiriwang ng festival na kung saan ipinapakita rito ang pinakamainam na ani ng produktong agrikultura sa nasabing bayan. Ang ago trade fair ay unang isinasagawa sa pagbubukas pa lamang dahil nais ipakita ng mga bayan ang kanilang masaganang ani na siya namang hinahangaan ng mga dumarayo sa lugar upang makapamili ng mga murang produkto mula sa nasabing pagdiriwang. Sa kabilang banda, Kabilang rin sa isang ligong aktibidad ng pagdiriwang ang motorcade, paligsahan sa pag-awit, street dancing, parada ng mga karosa, parada ng sibiko-militar at ang misa ng pasasalamat.




*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

*"Ang Agro Trade Fair ay pig gigibo sa unang aldaw kang pagdiriwang sang unod festival. Digdi pigpaparada ang masaganang ani sang intirong mga barangay ta gusto kaini ipailing ang saindang natatanging kultura por dahil sa yamang kaunudan."*

(Ang Agro Trade Fair ay isinasagawa sa unang araw ng pagdiriwang ng unod festival. Dito ipinaparada ang masaganang ani ng bawat barangay upang ipakita ang kanilang natatanging kultura.)- Kalahok 6

*"An mga darakulang unod na naaani mi, iyo ang pigpaparada mi, ta buot ming ipakita ang kasaganaan kang samong barangay asin banwa sa unod na yaman na tinao samuya."*

(Ang mga malalaking unod na naaani naming yon ang aming ipinaparada, dahil nais naming ipakita ang kasaganaan ng aming barangay at ng aming bayan sa unod na yaman na ibinigay sa amin) - Kalahok 6

Ayon sa tugon ng kalahok ang kanilang mga pinakamainam na ani ang kanilang ipinapakita sa pamamagitan ng pagpaparada nito. Sa pamamagitan nito naipapakita nila ang kanilang masaganang agrikultura sa larangan ng pagtatanim.



*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

> *"An Agro Trade Fair iyo ini ang pagpaparada sa inot na aldaw kang pagsirebral kang samuyang festival, digdi mi pigpapailing ang samuyang darakulaon na ani sang mga unod, gusto mi lang ipahiling na mayaman ang daga na igwa kami sa Castilla. Pero hindi porket unod festival unod na yaman lang ang pigpapailing mi, kundi gabos na yaman agrikultura na sagana samuya kagaya ng mais, palay, niyog at isda. Saro man ini sa mga pamamaraan namon na magpasalamat sa mahal na patron"*
>
> (Ang Agro Trade Fair ay ang pagpaparada sa unang araw na pagdiriwang ng Unod Festival, dito namin pinapakita ang aming masaganang ani sa unod na agrikultura ng aming bayan. Ngunit hindi porket unod festival, unod na yaman lang ang aming pinapakita kundi lahat ng yamang agrikultura na sagana sa aming bayan, tulad ng mais, palay, niyog at isda. Isa rin ito sa aming pamamaraan upang magpasalamat sa aming mahal na patron.)- Kalahok 6

Ang Agro Trade Fair ang isa sa pinakakaabangan na aktibidad sa unod festival. Ito ay isinasagawa sa unang araw ng pagdiriwang, nagkakaroon ng pagpaparada ng iba't ibang uri ng aning agrikultura ng nasabing bayan kagaya na lamang ng Kamoteng kahoy, kamote *(sweet potato)* ube, linsa *(Bungkukan)* gabi at iba pa. Sa pamamagitan nito naipapakita ng mga magsasakang Castillano ang kanilang masaganang ani dulot ng mayamang kalupuan sa kanilang bayan. Ang Castilla ay kilala na bayan sa lunsod ng Sorsogon sa larangan ng pagtatanim ng unod na yaman. Ang mga mamimili ay laging pinipili ang mga yamang ugat na nagmula sa bayan dahil sa masarap nitong lasa at maayos na anyo nito. Sinisikap ng mga magsasakang Castillano na mapanatili ang kanilang magandang ibalwasyon sa mga mamimili nito dahil ito narin ang kanilang ikinabubuhay. Sa kabilang banda, ang Agro Trade Fair ay hindi lamang pagpapakita ng mga ugat na yaman bagkos ito rin ay pagpapamalas ng lahat ng

aning agrikultura ng nasabing bayan kagaya na lamang ng niyog, mais, palay, at isda na sagana rin sa nasabing bayan. Ito ay sa pamamaraan ng pagsasalamat ng mga Castillano sa kanilang masaganang ani sa kanilang patron.

***d. Sayaw ng Kultura, Simbolimo ng Pagkakakilala***

Sa bawat festival naipapakita ang natatanging identidad ng kultura ng komunidad. Mahalaga ito sa pagpapahalaga sa kultura at tradisyon, at nagsisilbing mabisang paraan para sa pagpapanatili ng kulturang kinagisnan. Isa sa pinakamahalagang aktibidad na ginagawa sa pagdiriwang Unod Festival sa ay ang Street Dance ito ang pinakatampok sa nasabing pagdiriwang. Ang **street dance** ay isang uri ng sayaw na karaniwang nagmula at isinasayaw sa lansangan, parke, o iba pang pampublikong lugar sa halip na sa mga formal na entablado. Kilala rin ito bilang **"street style" na sayaw**, at kadalasang bahagi ng **kultura ang nasabing pagtatanghal**.


> *“Bilang saro sa pinakahaloy nang nagatukdo kang bayli kan unod festival, para sako bako man lang ini bayli, kundi pagpapailing kang kultura kang mga taga-castilla.”*
>
> (Bilang isa sa matagal ng tagapagturo ng sayaw sa unod festival, para sa akin hindi lamang ito basta sayaw, bagkos ito ay pagpapakita ng kultura ng mga Castillano.) -Kalahok 3

Ayon sa tugon ng kalahok ang sayaw o street dance na ginagawa ng mga castillano ay hindi lamang ito basta pagtatangal, bagkos ito ay pagpapakita ng kultura ng isang lugar o komunidad na kanyang kinabibilangan. Ayon kina Amtalao at Lartec, 2015 ang mga Kapistahan ay maituturing na mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Ito ay nagiging daluyan upang maitampok ng isang pamayanan ang kanilang kultura, produkto, at ang kanilang mga paniniwala malinaw ang ugnayan sa pagitan ng kapistahan at kultura ng isang pamayanan. Mahalagang pag-aralan ang mga pista sa pagdalumat ng kultura at integridad ng isang pamayanan upang higit pang maipakilala at maibahagi ang natatanging yaman na ito sa iba.

Sinasalamin rin nito ang pagkakakilanlan ng isang lugar sa pamamagitan ng mga produkto, kultura maging paniniwala at nagiging basihan ito upang mas makilala pa ang natatanging o bayan.

> *“An bayli sa Unod ay maisturya kung pano ini nabilog. Inot kaini ang “Paghahanap ki Tanuman” pangaduwa “Pagpapahiliing ki pag Peste” pangatulo “Pagsamba o Paghagad ng Gabay sa Patron” panghudyan “ Masaganang Ani” iyo ini ang dapat mailing sa bayli sa unod. Ang bayli na pigpapahiling mi ang sadiri ming kultura”*
>
> (Ang sayaw sa Unod Festival ay may natatanging istorya kung papaano ito nabuo. Una ay ang “Paghahanap ng Taniman” pangalawa “Pagpapakita ng pagpipeste” pangatlo “Pagsamba o Paghingi ng Gabay sa Patron”at panghuli ay ang “Masaganang Ani” ito ang dapat na makita sa sayaw ng Unod. Ang sayaw na ito ay nagpapakita ng sarili naming kultura) –Kalahok 3

***<u>Paghahanap ng Taniman</u>***



*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

Ang paghahanap ng taniman ay isa sa mga unang pamamaraan kung papaano isinasagawa ang pagtatanghal. Sa pamamagitan ng pagtakbo ng paikot-ikot at pagtusok sa lupa gamit ang mga kawayan ay naipapakita ang paghahanap ng mabuting lupa na pagtatamnan. Ang paghahanap ng mabuting pagtatamnan ay isa sa pinakamahalaga na dapat gawin ng isang magsasaka, mahalaga na matiyak na maayos o mataba ang lupang pagtatamnan upang magkaroon ng masaganang ani sa kanilang mga itinatanim. Mabisang paraan rin ito upang maisigurado ng mga magsasakang Castillano ang kanilang pagkakakilanlan sa larangan ng pagtatanim ng yamang ugat sa kanilang nasabing bayan.

***<u>Pagtatanim</u>***



*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

*Pagkatapos na makahanap ki tanuman ang sunod na pigpapahiling mi ay ang pagtanom na ki unod. Maingat mi ining pig-gigibo tanganing magayon ang pagtalubo kang tinanom.*

(Matapos na makahanap ng pagtatamnan, ang sunod na ipinapakita naming ay ang pagtatanim na ng unod o yamang ugat. Maingat namin itong isinasagawa upang maging maganda ang pagtubo ng mga pananim) Kalahok-3

Ayon sa tugon ng kalahok ang ikalawang bahagi ng sayaw ng unod festival ay ang ***pagtatanim*** matapos ang paghahanap ng mabuting taniman, susunod na ang pagtatanim ng mga yamang ugat. Naipapakita ito ng mga mananayaw ng unod sa pamamagitan ng bahagyang pagyuko at pagtusok sa lupa gamit ang kawayan na nagsisilbing pamamaraan ng pagtatanim. Kinakailangan ng tiyaga, sipag at pag-iingat sa pagtatanim upang matiyak ang pag-aani ng sagana.

***<u>Peste ng Unod</u>***



*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

*"Digdi mi pigpapailing ang Pagpepeste na gigibo kang mga kino sa pananom. Sapaagi ki pagbayli. Pig papahiling digdi na bako man gabos maray ang panahon kang pagtanom mi"*

(Dito namin ipinapakita ang pagkakaroon ng mga peste tulad ng mga daga sa aming mga pananim sa pamamagitan ng pagsasayaw. Pinapakita naming dito na hindi lahat ng panahon nang pagtatanim ay maginhawa o mainam) –Kalahok 3

Isa sa mga historya ng sayaw ng unod festival ang pagpipeste ng mga daga sa kanilang mga panamin. Ang daga o *"rat"* ay isang maliit na hayop na kabilang sa pamilya ng mga rodent. Karaniwan itong may mahabang buntot, matatalim na ngipin, at madalas matagpuan sa mga bahay, bukirin, at iba pang lugar na may pagkain. Sagana ito sa kanilang mga bukirin lalo na sa kanilang mga panamin na ugat. Ang pagpapakita ng pagpipeste ng mga daga sa kanilang mga bukirin ay ipinapakita sa pamamagitan ng pagsasayaw. Nais ipakita rito na hindi sa lahat ng panahon ay pagkakataon ay sumasanggayon sa kanila. Ngunit ito ang nagiging daan upang magkaroon sila ng pagsamba o paghingi ng tulong sa kanilang mahal na patron, na nagiging daan ng pangatlong simbolismo ng sayaw ng Unod Festival.

***Pagsamba o Paghingi ng Gabay sa Patron***



*Larawan ng pagsamba at paghingi ng gabay*



*Larawan ng pagsamba at paghingi ng gabay*

> *"Pur dahil sa pagpeste kang mga pananom mi, naga hagad na kami ki tabang sa mahal na Patron an samuyang Our Lady of the Most Holy Rosary. Nagtutubod kami na dae nya pababayaan ang mga tinamon mi."*
>
> (Nang dahil sa pamimiste sa aming mga panamin dito na pumapasok ang pahingi naming ng tulong sa aming mahal na Patron ang Our Lady of the Most Holy Rosary.) –Kalahok 3

Ayon sa tugon ng kalahok ang ika-apat na parte ng istorya ng pagsasayaw ay ang pagsamba o paghingi ng gabay sa patron ng dahil sa pamimeste ng mga daga sa kanilang mga panamin. Sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang mga kamay at paghawak ng rosary habang sumasayaw. Naniniwala ang mga magsasakang Castillano na sa pamamagitan ng kanilang mahal na patron gagabayan ang kanilang mga pananim, mawawala ang mga peste at pagkakalooban sila ng masaganang-ani. Ang pamamaraan na ito ay pagpapakita ng mga castillano sa kanilang matibay na paniniwala sa kanilang mahal na patron ang Our Lady of the Most Holy Rosary. Sinasalamin nito na ang unod festival ay hindi lamang pagsasaya at pagpapakita ng kanilang kultura

***Masaganang Ani***





*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

> *"An pinakahudyan na parte kan bayli sa unod festival iyo ini an masaganang ani. Digmi mi na pigpapailing an samuyang magagayon namga panamon asin harbes"*

(Ang pinakahuling bahagi ng sayaw sa unod festival ay ang masaganang ani. Dito namin ipinapakita ang aming magagandang mga pananim maging ang aming masaganang ani.) –Kalahok 3

Ang pinakahuling bahagi ng nasabing istorya ng pagsasayaw sa unod festival ay ang "Masaganang Ani" sa parting ito ng pagsasayaw ipinapakita nila ang kanilang maganang ani sa pamamagitan ng pagtaas at pag iikot ikot nito gamit ang nagsisilakihang mga artipisyal na pananim at iba pang mga palamuti. Naniniwala sila na dahil sa pagtulong ng kanilang mahal na Patron nawala ang mga peste at biniyayaan sila ng masaganang ani. Bukod pa rito, ang huling bahaging ito ay isa rin sa pinakapinagtutuunan ng pansin ng mga manunuood dahil dito ipinapakita ang kanilang kagalakan sa masayang pagdiriwang dahil sa kanilang masaganang ani sa kanilang mga pananim.



*https://www.facebook.com/share/p/14N4HHGudX1/*

Sa bawat festival naipapakita ang natatanging identidad ng kultura ng komunidad. Mahalaga ito sa pagpapahalaga sa kultura at tradisyon, at nagsisilbing mabisang paraan para sa pagpapanatili ng kulturang kinagisnan. Samantala ayon naman naman kina Pinca-Atutubo at Totanes, ang pista ay mahalagang araw para sa mga Sorsoganon, kung saan ipinapakita at inaalala ang kanilang kulturang pamana. Ang mga kuwento tungkol dito ay bahagi ng kanilang mga festival. Ang pag-iisip ng mga Castillano sa muling pagtuklas ay nag-uugnay sa kanilang kasaysayan, pagkakakilanlan at pamana na magbubukas ng pagkakataon para sa pag-unlad ng kaabuhayan ng bawat isang mamamayan.

***e. Festival na Kasuotan***




*https://www.castillasorsogon.gov.ph/tourist-information/*

Ang mga festival ay isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino, sapagkat ito ay sumasalamin sa kasaysayan, paniniwala, at pagkakakilanlan ng isang pamayanan. Ngunit ang isa sa mga pinaka-kapansin-pansing aspeto ng mga pagdiriwang na ito ay ang **festival na kasuotan o ang Festival na pananamit.** Ang mga makukulay

at malikhaing kasuotang isinusuot sa mga parada, pagsasayaw at iba pang aktibidad ay hindi lamang palamuti kundi nagdadala rin ng makasaysayang kultural at kahulugan ng kanilang natataning paniniwala. Ang kasuotan ng Unod Festival ay hinango batay sa makulay na paniniwala ng kanilang pamayanan. Ang buong kasuotan ay nagpapakita ng pananamit bilang isang magsasaka na simbolismo ng kanilang kasipagan sa mga paggawa. Ang mga kulay nito na lila *(purple)* at luntian *(green)* ay hinango sa kulay ng mga pananim na ugat gaya ng ube at ang luntian naman sa mga dahon nito, samantalang ang dilaw *(yellow)* at kahel *(orange)* ay simbolismo ng kulay ng kanilang masagang ani.

Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral sa festival na kasuotan, ating mauunawaan kung paano ito nagiging daluyan ng sining, pagkakakilanlan, at kolektibong alaala ng isang komunidad na nagiging salamin ng isang paniniwala ng isang pamayanan.



*Aktuwal na larawan ng Kasuotan ng Unod Festival*

Ayon sa Republic Act No. 10066, na kilala rin bilang "National Heritage Act of 2009," ito ay nilikha upang tulungan tayong maunawaan at mapanatili ang ating pagkakakilanlan bilang Pilipino. Nais nitong tiyakin na protektahan at pangalagaan ang ating kultural na pamana, tulad ng mahahalagang lugar at bagay, at ang kasaysayan ng ating mga katutubong komunidad. Kasama sa mahalagang probisyon ng batas na ito ang pagpapatupad ng Cultural Heritage Education Program na kung saan layunin nitong palawakin ang kaalaman at pag-unawa ng publiko tungkol sa kulturang Pilipino.

**4. Implikasyon ng Unod Festival**

Ang isang festival ay hindi lamang nagdudulot ng kasiyahan o pangkaaliwan sa isang sa lugar bagkos sumasalamin rin ito sa kultura, paniniwala maging sa kaugalian ng isang bayan. Ang sumusunod ay ang naging dulot ng Unod Festival sa mga Castillanon.

***a. Dagdag tulong Pang-ekonomiya***- Ang festival ay nagbibigay ng karagdagang kita sa lokal na pamahalaan at mga mamamayan ng castilla dahil dumarami ang turista na tumatangkilik ng kanilang mga pananim ng ugat na yaman. Na siyang nagiging daan sa pagbebenta ng mga lokal na produkto at pagkain na siyang nakakatulong sa kabuhayan ng mga residente rito. Bukod rito, nakakatulong rin ito upang mas mapalakas pa ang industriya ng turismo at kalakalan ng isang lugar. Ang salitang “festival” ay nagmula sa Latin na “festum” at kaugnay ng Pranses na “festivus”. Sa gitnang panahon, ang mga ito ay karaniwang may kauganay sa relihiyon at maituturing na banal. (Levickaite, 2011). Sa kasalukuyan ito ay nagsilbing daan upang maipakita o maipakilala ang kultura na umiiral sa isang lugar. Ayon sa UNESCO (2001) itinuturing ang kultura bilang kabuuan ng natatanging espiritwal, materyal, intelektuwal at emosyonal na mga katangian ng lipunan o isang pangkat sa lipunan na kinakasama hindi lamang ang sining at panitikan, kundi pati narin ang pamumuhay at paraan ng pagsasamahan, sistema ng mga halaga ng tradisyon at mga paniniwala ng bawat mamayan sa isang komunidad.

***b. Panlipunan Aspeto -*** Sa ginawang pag-aaral, nasumpungan na ito ay nagpapalalim ng pagkakaisa at samahan ng mga mamamayang castillanon sa pamamagitan ng sama-sama nilang pagdiriwang. Nagiging pagkakataon rin ito upang muling mabuhay ang mga tradisyon at kaugalian ng isang komunidad. Ito ang tinatawag na Pistang Pilipino o ang sinasabing festival na ipinahayag ng National Commission for Culture and the Arts. Ang mga Kapistahan ay maituturing na mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino nagiging daluyan ito ng pagkakaisa at pakikiugnyan sa bawat isa. Ito ay nagiging daluyan upang maitampok ng isang pamayanan ang kanilang kultura, produkto, at ang kanilang mga paniniwala (Amtalao at Lartec, 2015).

***c. Kultura at Paniniwala Salamin ng Pagkakakilanlan-*** Napapayaman nito ang kultura at sining ng isang bayan. Mas nakikilala ang sining ng isang bayan dahil sa pagdiriwang ng isang festival, dahil ipinapakita rito ang natatanging kaugalian at kultura ng isang bayan. Ayon kay Taylor (2007), ang kultura ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan. Sa iba ito ay kuro o opinyon ng buong lipunan na maaaring makita sa kanilang mga salita, aklat at mga sinulat, relihiyon, musika, pananamit, pagluluto, at iba pa. Kasama na rito ang iba't ibang uri ng mga pagdiriwang, gaya ng mga paligsahan at mga pista taun-taon. Ang kultura bilang nagkasamang modelo ng pag- uugali ng tao kalakip ang kanyang kaisipan, pakikipagkomunikasyon, wika, nakagawian, paniniwala, pagpapahalaga, kaugalian, ritwal, paraan ng paggalang at pakikisalamuha sa kapwa (Mangahis, 2010).

***d. Pagtuklas ng Karunungan-*** Nagsisilbing aralin sa kasaysayan at kultura para sa kabataan, nagbibigay kaalaman tungkol sa mga kaugalian at paniniwala ng kanilang komunidad na maaring magamit upang mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman patungkol sa kanilang sariling bayan at paniniwala. Bukod rito, ito'y nagiging oportunidad rin para sa pag-aaral ng malikhaing sining, disenyo, at pamumuno. Pinatunayan ito sa pag-aaral Semorlan (2010), na hindi mapaghihiwalay ang wika, kultura at lipunan na makukuha sa festival. Magkabuhol ang mga ito kaya't malalaman kung anong kultura mayroon ang isang tao dahil sa wika at kaugalian na ginagamit at ginagawa nito. Sumasaklaw ang pag-aaral ng kultura sa kabuoang masalimuot na proseso na binubuo ng iba't ibang elemento tulad ng karunungan, pananampalataya, sining, batas, ugali, kagandahang asal at iba pa na maaring matutunan at taglayin ng mga tao bilang kasapi sa isang lipunan, gayundin bilang sistema ng munisipalidad at barangay ayon sa layunin ng mga opisyal ng isang bayan.

***Kontribusyong Hatid ng Unod Festival -*** Sa bawat pagdirawang na isinasagawa sinasalamin nito ang kultura ng isang komunidad na siyang nagiging pagkakakilanlan ng isang natatanging bayan. Ang unod festival ay may natatanging handog sa kultura ng bawat mamamayang castillano na naninirahan dito, sapagkat sinasalamin nito ang kanilang sariling pagkakakilalan bilang isang mamayan at ng kanilang natatanging bayan.

*Kultural.* Ang isang pista kagaya ng Unod ay nagpapakulay sa kultura ng mga Castillano at may mahalagang papel para sa mga mamamayan nito. Ang mga produktong ugat na nakilala sa kanilang bayan ay maituturing na mga ari-arian o kayamanan ng munisipalidad sapagkat ang mga yamang ugat na ito ay maaaring ma-import sa iba pang mga lugar. Sa pamamagitan rin ng festival ng kanilang bayan naiaangat pa ang kanilang kultura sa ibang mga lugar na dumarayo upang masaksihan ang kanilang masayang pagdiriwang. Dagdag pa, dahil sa natatanging kultura na ito, patuloy pang iniaangat ang mga kabuhayan ng mga magsasakang Castillano sa larangan ng pagtatanim, sapagkat hanggang sa pangkasalukuyan panahon dito narin sila umaasa sa mga pananim na ugat, palay at niyog na sagana sa nasabing munisipalidad para sa kanilang ikinabubuhay. Naniniwala Rocher (2004), isang anthropologist, na ang kultura ay isang koneksyon ng mga ideya at damdamin na tinatanggap ng karamihan sa isang lipunan. Nais lamang nitong sabihin na ang isang gawain ay tinatawag na kultura kung ito ay katanggap-tanggap sa karamihan sa loob ng isang komunidad at lipunan. Bukod pa roon, ang kultura ay isa sa mga pinakamahirap buoin at ibahaging konsepto sapagkat kailangan at kaugnay nito lagi ang wika. Bawat tao ay may sariling kinagisnan at natutuhang wika. Ito ang ginagamit sa pang araw-araw na pamumuhay at pakikisalamuha sa kapwa. Sa pamamagitan ng wika ay naipapahayag niya ang kanyang kaisipan, damdamin, adhikain, pangarap, imahinasyon, pagpapasya at pag-iisip.

*Historikal*. Sa bawat festival ay may natatanging istorya kung papaano ito nabuo at nagsimula sa isang bayan o sa isang lugar. Kalimitan ikinakabit ito sa pinagmulan ng isang bagay, kaugalian maging paniniwala. Ang festival

ay isang espesyal na pagdiriwang na karaniwang isinasagawa sa isang tiyak na araw o panahon sa isang lugar. Ito ay may isang malaking kaugnayan sa mga kultura at tradisyon, relihiyon, kasaysayan o mga pagdiriwang ng isang komunidad o bansa. Kalimitan ang pagkakataong ito naipapakita ng bawat isa ang pamamaraan ng pagsasaya o pagdiriwang, at pagbibigay-pugay sa mahahalagang aspeto ng kanilang kultura at relihiyong kinabibilangan. Ang mga ito ay nagbibigay buhay sa kultura at identidad ng isang komunidad na nagdudulot ng kasiyahan at pagkakaisa. Maraming pagpapakahulugan ang maaaring ikabit sa salitang pagdiriwang o pagtitipon. Tumutukoy ito sa proseso ng pagsasakatuparan o pagsasagawa ng isang mahalagang pag-alala ng pagsilang, kamatayan, at ang kabayanihang inialay para sa bayan. Bahagi rin nito ang pagpaparangal sa tagumpay na natamo ng isang tao, ng isang pangkat, o ng isang bayan. Maaari namang tingnan bilang bahagi ng nakagawiang pagpapasalamat sa kinikilalang Diyos para sa masaganang ani at sa pagkakaroon ng makulay at mayamang kultura't kasaysayan. Sa ganitong bagay, tuwirang ipinakikita at ipinahahayag nito ang mga tinipong tagpo na maaaring sabihing ito ang nagpapakilala sa isang lugar o sa isang bayan.

Katulad ng Unod Festival na nabuo dahil sa matibay na paniniwala at pananampalataya ng mga Castillano sa kanilang mahal na Patron ang Our Lady of the Most Holy Rosary. Isang historya na nagbukas upang magkaroon ng pagdiriwang ng isang natatanging festival sa bayan. Ang ganitong pagkakataon ay may malaking ambag sa mga kabataang Castillanon sa pangkasalukuyan, sapagkat magbubukas ito ng kanilang kamalayan sa kung papaano nabuo ang kanilang festival na ipinagdiriwang. Ang kasaysayan ay salamin ng nakaraan, ito ang nagsisilbing tala upang maaaring balikan ang nakaraan. Makatutulong ito upang mamulat ang kaisipan ng bagong usbong mga kabataan upang mas makilala pa ang kanilang kinagisnan at natatanging kaugalian na ginagawa sa pangkasalukuyan.

***Coffee Table Book: Unod Festival sa Progrisebong Castilla -*** Ang paglikha ng isang coffee table book bilang isang awtput ay bunga ng isang kolektibong pagsisikap ng mananaliksik upang maipakilala ang mga natatanging kaugalian at paniniwala na hango sa unod festival sa bayan ng Castilla. Ang coffee table book na nabuo ay magiging tulay upang higit pang makilala ang tatanging festival ng naturang bayan. Magiging daan ito upang mas tangkilikin pa ang natatanging festival at ang kulturang castillanon na nais ipabatid nito.

## 5. Kongklusyon at recomendasyon

Natiyak sa pag-aaral na ito na masuri ang Unod Festival sa bayan ng Castilla. Batay sa natuklasan, inilahad ang mga sumusunod na kongklusyon. Ang unod festival ay nabuo dahil sa matibay na paniniwala ng mga castillano sa kanilang mahal na patron ang "Our Lady of Holy Rosarry". Laganap rin sa lugar na ito ang mga pananim na ugat kagaya ng kamote, kamoteng kahoy, ube at iba pa na salamin ng produkto ng nasabing bayan. Ang makulay na pagdiriwang ng Unod Festival ay nagiging daan upang unti-unting makilala ang bayan ng Castilla sa kanilang kultura at paniniwala maging kaugalian. Nakabuo rin ng isang babasahing materyal na naglalaman ng maalab na magsusuri ng unod festival sa bayan ng castilla. Ito ay naglalayong magamit upang maging mabisang hanguan ng impormasyon patungkol sa nasabing festival at makatulong upang maiangat ang turismo ng sabing bayan. Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon. Iminumungkahing patuloy na pahalagahan ang unod festival ang sarili nating kulturang pagkakakilanlan. Maaaring gamiting sanggunian o lunsaran sa pagtuturo sa loob ng silid aralan ang nabuong coffee table book upang maipalaganap sa bagong henerasyon ng mga kabataan ang pinagmulan nilang kultura. Maari rin itong gamitin ng pamahalaan ng turismo sa naturang bayan upang mas maipakilala pa ang unod festival na natatangi lamang sa kanilang bayan. Bukod rito, maaaring suportahan ng local na pamahalaan ang pagpapalathala ng mga babasahin na naglalaman ng kasaysayan at kultura ng unod festival sa naturang bayan.

## 6. Sanggunian

Abad, G. (2007). Cultural heritage and tourism in the Philippines: History and prospects. Tourism Culture & Communication.

Alcantara, A. (2012). Culture-based festivals as instruments for cultural preservation and identity. Asia Pacific

Journal of Multidisciplinary Research.
Amtalao at Lartec, (2015). Pangasinan State University Economics ang sillagfestival bilang
Ano ang Panitikan, Anyo, Uri, Meaning at Mga Halimbawa. (n.d.). Filipino.net.ph. https://filipino.net.ph
Artikulo XIV, Artikulo 14 Seksyon 15 ng Konstitusyon ng 1987.
Batas Republika Blg. 10066. (2009). Ang Batas ng Pambansang Pamanang Kultural ng 2009.
Batas Republika Blg. 10533. (2013). Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013.
Bautista, V. (2015). The role of festivals in cultural identity and social cohesion: A case study of Pahiyas Festival. Kultura.
Bernardo, N. A. C. (2019). The art of Philippines' cultural festivals. National Commission for Culture and the Arts (NCCA).
Buensuceso et al. (1997). Panitikang Filipino. Manila: UST Publishing House
Case of International Contemporary Dance Festival.
Case of the new contemporary dance festival.
Corpuz, R. D. (2019). Filipino fiestas as platforms of Filipino culture: The case of the Moriones Festival in Marinduque, Philippines. Eurasian Journal of Anthropology.
Crespi-Valbonna, Monstrerrat, and Greg Richards. Et al. (2007). The Meaning of Cultural
Daluyan ng kultura at identidad ng mga Ilokano.
Dela Torre, V. R. (1993). A pilgrim's miracles: Historical background and development of the Moriones Festival. Philippine Quarterly of Culture and Society.
Department of Tourism – MIMAROPA. (2017). Kinurubong Festival: Buhayin ang salinlahing kultura. Paper presented at International Conference on Education and Training (ICET 2017), Tagbilaran City, Bohol.
Dichoso, I. B. (2019). Mga Pinagmulan ng Kwento ng Bawat Barangay ng Castilla, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
Espinocilla, J., & Marbella, F. (2022). Sipat sa Kuwento ng mga Barangay sa Bayan ng Gubat.
Festivals: Stakeholder Perspectives in Catalunya. International Journal of Cultural Policy.
Forteo, C. F. (2022). Mga Kuwento at Kultura ng mga Barangay sa Barcelona, Sorsogon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod ng Sorsogon.
Fortes, E. E. (2018). Makasaysayang Kuwento ng Bawat Bayan ng Sorsogon: Ambag sa Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
Gajo, M. M. (2018). Pinagmulang Kuwento ng Bawat Barangay sa Irosin, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
Getz, D. (2001). Festival places: A comparison of Europe and North America Tourism.
Getz, D. (2010). Event tourism: Definition, evolution, and research.
Horendo, (2016). City festival - a traditional cultural expression of the creative industries the https://www.coursehero.com
KWF. (n.d.). Diksiyonaryong Filipino.
Labadan, R. (2016). The Kinurubong: The Mangyans' literary mirror of their cultural identity.
Lapitan, D. (2017). Tradition and identity: The role of festivals in the Philippines.
Levickaite, (2011). City Festival a Traditional Culture Expression of the Creative Industry. The Pilipinas, Valenzuela City: Mutya Publishing House
Maikling Kwento: Mga Elemento, Bahagi, Uri, at Halimbawa. (n.d.). Pinoy Collection. https://www.pinoycollection.com
Mangahis, (2010). Ang Pagkatuto ng Pangalawang Wika at Asimilasyon ng Kultura.
Metodo at Gamit. Surian ng Sikolohiyang Filipino. Quezon City.
Philnews. (2020). Ano ang kahalagahan ng panitikan sa ating buhay at lipunan? https://philnews.ph
PressReader. (n.d.). Kahalagahan ng panitikan sa modernong panahon. https://www.pressreader.com
Ramos (2014). Literatura ng iba't ibang rehiyon ng Pilipinas. https://tuklas.up.edu.ph
Rebustillo, B. H. (2018). Kasaysayan at Kultura ng Bawat Barangay sa Munisipyo ng Bulan: Ambag sa Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
Rubio, C. M. (2018). Mga Akdang Pampanitikan sa Bayan ng Donsol, Sorsogon: Isang Pagsusuri. Sorsogon

State College, Lungsod ng Sorsogon.
Sabellano, A. (2017). Mga Selebrasyon sa Pilipinas. https://consortiacademia.org
Santiago C, E (1977). Paka-kapa: Paglinang sa isang konsepto sa nayon. Sikolohiyang Filipino: Teorya,
Semorlan (2010). Ang Adivay Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad.
Sorsogon. (n.d.). Wikipedia, ang malayang ensiklopedya. https://tl.wikipedia.org/wiki/Sorsogon
Taylor, A. (2007). Ang Kultura ay isang kumplikadong sistema at ugnayan.
The Importance of Stories. (n.d.). World Schools. https://world-schools.com
Tributo, J. M., & Victoria, V. A. (2024). Kuwento ng Pagtatapa: Pagbuo at Paglalarawan sa Pagkakakilanlan ng Mercedes. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research.
UNESCO (2001). United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.
Villafuerte et al., (2000) Regional Literature in the Philippines (Panitikang Panrehiyon sa